


Filipino

Ikatlong Markahan Modyul 4: Epiko mula sa West Africa (Panitikan ng Africa at Persia)



Filipino– Baitang 10
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan– Modyul 4: Epiko mula sa West Africa
(Panitikan ng Africa at Persia)
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad ng Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Rhoda C. Chan	Rowena R. Abad
Editor:	Elsa M. Calado	Genevieve B. Ugay
	Bernardo T. Rombawa	
Tagasuri:	Arabella May Z. Soniega	Editha T. Giron
	Gina A. Amoyen	Jose V. Valdez
Tagaguhit:	Mardee Isabel B. Olivar	Dustin G. Calderon
Tagalapat:	Crisanto P. Uberita	Mary Ann L. Cabilan
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino	Rowena C. Banzon
	Arlene A. Niro	Agnes B. Cacap
	Gina A. Amoyen	Genevieve B. Ugay
	Editha T. Giron	Bernardo T. Rombawa

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; 607-8137; 607-8143

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

Filipino

**Ikatlong Markahan–Modyul 4:
Epiko mula sa West Africa
(Panitikan ng Africa at Persia)**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Mainit na pagbati sa iyo mahal kong mag-aaral! Batid kong sabik ka nang mag-aral at matutong muli. Ikaw ay maglalakbay naman ngayon sa lupain ng West Africa. Hangad ko ang patuloy mong pagtatagumpay kaya't ikaw ay maghanda na sa susunod na araling ating pag-uusapan.

Ang **Modyul 4** ay tumatalakay sa Epiko ng **Sinaunang Mali** at ngayon ay maituturing na pinakatanyag na **Epiko ng South Africa**, ang *Sundiata: An Epic of the Old Mali*. Ito ay mula sa salaysay ni D.T. Niane na isinalin sa Ingles ni JD Pickett at sa Filipino ni Mary Grace A. Tabora. Ipakikita sa iyo ng aralin na ito ang kaugnayan ng epiko sa kasaysayan ng Sinaunang Mali. Malilinang rin nito ang iyong kasanayan sa mga ekspresiyon sa pagpapahayag ng damdamin o layon. Sa tulong ng modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang iyong pag-unawa at pagpapahalaga sa epikong Sundiata.

Malalaman mo sa araling ito ang kasagutan sa mga pokus na tanong na: Ano-ano ang katangiang taglay ni Sundiata upang ituring siyang bayani ng Africa? Nakatutulong ba ang paggamit ng mga ekspresiyon sa pagpapahayag ng iba't ibang damdamin o layon ng pakikipagtalastasan?

Sa pagtatapos ng araling ito, susulat ka ng isang pagtatalo na tatalakay at magtitimbang sa taglay na katangian ng pangunahing tauhan ng dalawang epiko. Susukatin ang iyong kakayahan at kahusayan sa pagmamatuwid batay sa sumusunod na pamantayan: a.) mahusay na paglalahad ng kaisipan, b.) pangangatuwiran at pagtuligsa, at c.) pagpapahayag o pagsasalita.

Sa pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod:

Mga Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)

1. Naihahanay ang mga salita batay sa kaugnayan ng mga ito sa isa't isa
F10PT-IIIId-e-79
2. Nasusuri nang pasulat ang damdaming nakapaloob sa akdang binasa
F10PU-IIIId-e-81
3. Nabibigyang-kahulugan ang damdaming nangingibabaw sa akda
F10WG-IIIId-e-74
4. Naiuugnay ang suliraning nangingibabaw sa akda sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan
F10PN-IIIId-e-79
5. Nabibigyang-puna ang napanood na teaser o trailer ng pelikula na may paksang katulad ng binasang akda
F10PD-IIIId-e-77
6. Naibibigay ang sariling reaksiyon sa pinanood na video na hango sa youtube
F10PD-IIIIf-g-78
7. Naisusulat ang isang talumpati na pang-SONA
F10PU-IIIIf-g-82



Subukin

Bago tayo dumako sa ating talakayan, sagutin mo muna ang paunang pagtataya sa sagutang papel. Sa bahaging ito ay tatayain ang iyong nalalaman tungkol sa epiko.

PAUNANG PAGTATAYA

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga katanungan. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

- ____ 1. Ito ay isang uri ng akdang pampanitikang nasa anyong patula na nagpapakita ng kabayanihan ng pangunahing tauhan.
A. Epiko B. Anekdotang C. Sanaysay D. Mitolohiya
- ____ 2. Kung ako ay ikaw kaibigan, papanigan ko si Bonifacio sapagkat lumaban siya at nagbuwis ng buhay. Anong ekspresiyon ang ginamit sa pangungusap na ito?
A. Pag-aanyaya C. Pagbibigay-babala
B. Pagpapayo D. Pagsang-ayon
- ____ 3. “Inaanyayahan kitang mataman akong pakinggan.” Anong ekspresiyon ang ginamit sa pahayag na ito?
A. Pag-aanyaya C. Pagbibigay-babala
B. Pagpapayo D. Pagsang-ayon
- ____ 4. Tukuyin kung anong ekspresiyon ang ginamit sa pahayag na, “Itaga mo sa bato, kailanman ay hindi siya mapapalitan bilang dakilang bayani.”
A. Pag-aanyaya C. Pagbibigay-babala
B. Panunumpa D. Pagsang-ayon
- ____ 5. Panitikan noong sinaunang panahon na nasa anyong patula at kalauna’y naging tuluyan.
A. Anekdotang B. Mitolohiya C. Epiko D. Sanaysay
- ____ 6. Siya ang humula na magiging makapangyarihang pinuno ang anak na lalaki nina Haring Maghan Kon Fatta at Sogolon Kadjou.
A. Sassouma C. Salamangkero
B. Mahiwagang Mangangaso D. Balla Fasseke
- ____ 7. Ang hinirang na tagapagmana ng trono ni Maghan Kon Fatta.
A. Sogolon B. Sassouma C. Dankaran Touma D. Sundiata
- ____ 8. Kung ako ay ikaw kaibigan, papanigan ko si Bonifacio bilang dakilang bayani sapagkat lumaban siya at *nagbuwis ng buhay*. Ang sumusunod ay kasingkahulugan ng salitang nagbuwis ng buhay maliban sa _____.
A. nakipaglaban C. nagsakripisyo
B. inalay ang buhay para sa iba D. dumanak ang dugo
- ____ 9. Mas karapat-dapat tanghaling bayani si Bonifacio dahil siya ay *napanday ng karalitaan*. Ang mga salitang nakahilis ay nangangahulugang _____.
A. hinubog B. binuo C. namulat D. natuto

- _____ 10. “Marahil, mas makabubuting pag-isipan mo muna nang maigi ang isang bagay bago mo ito gawin.” Anong ekspresiyon ang ginamit sa pahayag?
 A. Pagpapayo C. Pagbibigay-babala
 B. Pagsang-ayon D. Pag-anyaya
- _____ 11. Siya ang anak ni Haring Maghan Kon Fatta sa ikalawa niyang asawa na si Sogolon Kadjou.
 A. Dankaran Touma B. Sundiata C. Sogolon D. Balla Fasseke
- _____ 12. Ang himalang nangyari sa buhay ni Mari Djata nang siya’y dinala kay Balla Fasseke.
 A. naging mahusay na mandirigma C. nakapaglakad siya
 B. naging maganda ang pamumuhay D. hinirang siyang hari ng Mali
- _____ 13. Ang ginawa ni Sassouma Berete sa pangalawang pamilya ng kanyang yumaong asawa.
 A. pinarusahan C. ikinulong
 B. ipinatapon D. ginawang alipin
- _____ 14. Ang kapansanang taglay ni Sundiata mula nang siya’y ipanganak.
 A. pagkabulag C. pagkalumpo
 B. di makapagsalita D. pagkabingi
- _____ 15. Nagtungo si Mari Djata sa pinakamahusay na panday na si _____ upang magpagawa ng tungkod na bakal.
 A. Balla Fasseke C. Gnankouman Doua
 B. Ogolon Djamarou D. Farakourou

Mahusay! Natapos mo na ang paunang pagtataya. Huwag kang mag-alala kung mababa ang marka na iyong nakuha. Natitiyak ko na pagkatapos ng araling ito, lalo mo pang mapauunlad ang iyong kaalaman at kasanayan. Ipagpatuloy mo lamang ang iyong pagpupursige upang matuto.

Aralin**4.1****Epiko mula sa Mali, West Africa****Sundiata: Epiko ng Sinaunang Mali****Balikan**

Sa nakaraang modyul, tinalakay natin ang iba't ibang elemento sa pagsulat ng tula at ang matatalinhagang pahayag o pananalita, gayundin ang simbolismo na makatutulong sa pagbuo ng masining na tula. Bilang pagbabalik-tanaw sa kasanayan sa nakaraang modyul, narito ang gawain tungkol sa pagtukoy sa kahulugan ng simbolismong ginamit sa pangungusap. Tara na't magsimula na tayo!

Panuto: Piliin sa kahon na nasa ibaba ang kahulugan ng simbolismong ginamit sa pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

naghihirap	kurakot	kalayaan	Ibon
pag-asa	malas	walang pera	

Simbolismo	Kahulugan
1. Nangamba ang ina nang masalubong niya ang <u>pusang itim</u> .	
2. Magsumikap ka lang, may <u>araw</u> pang darating.	
3. Dumaraing ang mga manggagawa dahil <u>butas ang kanilang bulsa</u> ngayong panahon ng pandemya.	
4. Labis ang hinagpis ng mahihirap nating kababayan dahil sa mga <u>buwaya</u> sa gobyerno.	
5. Hangad ng bawat Pilipino na masilayan ang matayog na paglipad ng <u>puting kalapati</u> sa kalangitan ng Pilipinas.	

Mahusay! Natatandaan mo pa pala ang iyong napag-aralan sa nakaraang modyul. Tiyak ay handa ka na para sa susunod na aralin.




Tuklasin

Unawain mo ang kuwento ng epikong isinalin ni J.D. Pickett sa Ingles. Tuklasin sa epikong ito ang pakikipagsapalaran ng anak ng hari ng Mali sa kaniyang ikalawang asawa. Pero bago natin ito talakayin, nais ko munang magpahayag ka ng sariling kaisipan tungkol sa pangulo ng ating bansa.

Gawain 1: Pinuno Mo, Ilarawan Mo!

Panuto: Tingnan ang larawan ng ating pinuno. Ano-ano ang gampanin ng isang pinuno sa kanyang nasasakupan? At bilang pinuno, paano niya magagampanan nang mabuti ang kanyang mga responsibilidad? Balikan ang mga tungkuling nagampanan ng ating mahal na Pangulo. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Ngayong nalaman mo na ang mga responsibilidad ng isang pinuno, natitiyak kong handa ka nang basahin ang kuwento ng epikong nagmula sa Mali. Basahin mo ito at unawain ang mensaheng nais nitong iparating.

Sundiata: Ang Epiko ng Sinaunang Mali

Sundiata: An Epic of the Old Mali salin sa Ingles ni J.D. Pickett
Isinalin sa Filipino ni Mary Grace A. Tabora

Si Maghan Sundiata, na tinatawag ding Mari Djata, ay anak ni Haring Maghan Kon Fatta ng Mali sa kaniyang ikalawang asawa, si Sogolon Kadjou. Isang mahiwagang mangangaso ang humula na ang kanilang anak na lalaki ay magiging isang makapangyarihang pinuno na makahihigit pa kay Dakilang Alexander, ang maalamat na Griyegong mananakop. Ilang tao lamang ang naniniwala sa propesiya sapagkat pitong taong gulang na si Mari Djata ay hindi pa nakalalakad. Tila walang katiyakang mapabilang siya sa mga pagpipiliang maging emperador.

Namatay si Haring Maghan Kon Fatta kaya't hinirang ng kaniyang unang asawang si Sassouma Bérété ang sariling anak na si Dankaran Touma na tagapagmana ng trono ng ama. Madalas silang naninibugho kay Mari Djata at sa kaniyang ina, kaya't ipinatapon niya ang mag-anak sa likod ng palasyo. Napilitan ang mga itong mamuhay na isang kahig isang tuka.

Nabuhay si Sogolon Kedjou sampu ng kaniyang mga anak sa tira ng Inang Reyna, pinagyayaman niya ang maliit na halamanan sa likuran ng nayon. Sa taniman, nagagalak siya na pagmasdan ang mga tanim na ubas at gnougous. Isang araw, kinapos siya ng pampalasa at nagtungo sa Inang Reyna upang magmakaawa para sa kaunting dahon ng baobab.

“Tingnan mo ang iyong sarili,” wika ng mapanghamak na si Sassouma. Ang aking calabash ay puno. Tulungan mo ang iyong sarili, maralitang babae. Para sa akin, mayroon akong anak na nakalalakad sa edad na pito at siya ang nangangalap ng mga dahon ng baobab na iyan. Maaari mong kunin ang mga iyan sapagkat ang iyong anak ay hindi makalalamang sa aking anak.” Siya’y nanunudyong humalakhak nang matinis na pumupunit sa laman at tumatagos sa kaibuturan.

Natigagal si Sogolon. Hindi niya maisip na ang galit ay may puwersang napakalakas. Nilisan niya si Sassouma nang may bikig sa lalamunan. Sa labas ng kanilang kubo, si Mari Djata ay nakaupo sa kaniyang walang silbing mga binti at walang pakialam na sumusubo’t tangan-tangan ang calabash. Hindi napigilan ni Sogolon ang kaniyang sarili, siya’y napahikbi at dumampot ng kaputol na kahoy, hinagupit niya ang anak.

“Oh! anak ng kasawiang-palad, hindi ka ba makalalakad? Dahil sa iyong pagkukulang, ako’y nakaranas ng matinding pangdudusta sa aking buhay! Ano ang aking pagkakamali? Panginoon, bakit mo ako pinarurusahan nang ganito?”

Dinampot ni Mari Djata ang kaputol na kahoy at matiim na tumitig sa ina, “Inay, anong problema?” “Manahimik ka, walang makapaparam ng pang-iinsultong aking tinamo.”

“Ano ba yaon?” “Si Sassouma’y pinahiya ako dahil lamang sa dahon ng baobab. Sa edad mong iyan, ang kaniyang anak ay nakapipitas na ng dahong iyon para sa kaniyang ina.” “Huminahon ka ina, kalimutan mo na iyon.” “Hindi. Ito’y sobra na. Hindi maaari.”

“Mahusay, kung gayon, ako’y maglalakad sa araw na ito,” sabi ni Mari Djata. “Puntahan mo ang panday ni ama at utusang hulmahin ang pinakamabigat na bakal. Inay, dahon lamang ba ng baobab ang iyong kailangan o nais mong dalhin ko sa iyo ang buong puno?”

“Ah, aking anak, upang tangayin ng hangin ang pang-aalipustang ito, ibig ko ng puno’t ugat sa aking paanan sa labas ng ating dampa.

Tabora, Mary Grace C., Sundiata: Ang Epiko ng Sinaunang Mali Sundiata: An Epic of the Old Mali salin sa Ingles ni J.D. Pickett, Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Sa unang bahagi ng akdang iyong binasa, nakilala mo ang pamilyang pinagmulan ni Mari Djata. Ang pang-aalipustang naranasan ng kanyang pamilya sa kamay ni Sassouma Bérété, ang unang asawa ng kanyang yumaong ama.

Nagpatinag ba si Mari Djata sa pangmamaliit sa kanilang pamilya? Naging hadlang ba ang kanyang kapansanan sa pagharap niya sa mga pagsubok sa kanyang buhay?



Suriin


Alam mo bang...

Ang **Imperyong Mali** na kilala rin sa tawag na Imperyong Manding ay naging makapangyarihan sa West Africa noong 1230 hanggang 1600 na siglo. Sumibol dito ang isang epiko na maituturing na bantog na kayamanan ng panitikang pandaigdig. Ang pag-aaralan mong **epiko** ay isang tula na sinasaliwan ng instrumentong musikal at maraming beses nang naipasa-pasa ng mahuhusay na mananalaysay. Ipinakikita rito ang mabuting pagbabagong dala ng pagtatagumpay laban sa kasamaan.


Gawain 2: Kilalanin Mo!

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong sa sagutang papel.

1. Ano ang naging propesiya ng manghuhula kay Sundiata?



2. Ano ang kinahinatnan ni Mari Djata at ng kanyang ina nang mamatay si Haring Maghan Kon Fatta?



Magaling! Nailarawan mo nang mahusay ang buhay ni Sundiata noong kaniyang kamusmusan. Upang masubaybayan mo ang naging kapalaran niya at lalo pang maunawaan ang kuwento, ipagpatuloy mo ang pagbasa sa akda.

Pagpapatuloy sa Pagbasa:

Ang Panday

Nang oras na iyon ay naroroon si Balla Fasséké, humangos siya sa pinakamahusay na panday, si Farakourou, upang magpagawa ng tungkod na bakal.

Umupo si Sogolon sa harapan ng kanilang dampa. Siya’y tahimik na lumuluha habang sakbibi ng kalungkutan. Binalikan ni Mari Djata ang kaniyang pagkain na tila walang nangyari. Maya’t maya niyang sinusulyapan ang kaniyang ina na bumubulong, “Ibig ko ang buong puno, sa harap ng aking dampa, ang buong puno.”

Walang ano-ano, sumambulat ang isang malakas na tinig na humahalakhak mula sa likod ng kubo. Ito’y likha ng buktot na si Sassouma na nagsasalaysay sa kaniyang utusan tungkol sa panghihiyang ginawa kay Sogolon, sinasadya niyang madinig ito ng huli. Mabilis na pumasok si Sogolon sa kaniyang silid at tinakpan ang ulo ng kumot upang hindi masilayan ang pabayang anak na abalang-abala sa kaniyang pagkain kaysa sa ano pa mang bagay. Walang tigil sa pananangis si Sogolon. Nilapitan siya ng kaniyang anak na babae, Sogolon Djamarou, at tumabi sa kaniya, “Tahan na ina. Bakit ka umiiyak?”

Nasimot ni Mari Djata ang kaniyang pagkain at pilit na kinaladkad ang katawan, umupo sa malilim na dingding ng kubo sapagkat nakapapaso ang sinag ng araw. Kung ano ang nanunulay sa kaniyang kamalayan, tanging siya ang nakaaalam.

Ang laksang panday na nasa labas ng maharlikang pader ay okupado ng paggawa ng pana’t palaso, sibat at kalasag na ginagamit ng mga mandirigma ng Niani. Nang dumating si Balla Fasséké at humiling ng tungkod na bakal, napabulalas si Farakourou, “Dumatal na ba ang dakilang araw?”

“Tumpak, ngayon ay isang namumukod na araw, isisiwalat ang hindi pa nasaksihan sa anomang pagkakataon.”

Ang puno ng mga panday ay anak ng matandang si Noufaïri, at kawangki ng ama niya ay isa ring manghuhula. Sa kaniyang pagawaan ay katakot-takot ang nakaimbak na bareta ng bakal na niyari ng kaniyang ama. Lahat ay nagtataka kung saan nakalaan ang mga bakal. Tinawag ni Farakourou ang anim na baguhang manggagawa at ipinabuhat ang mga bakal upang dalhin sa tahanan ni Sogolon.

Nang maibaba ang mga dambuhalang bakal, ang ingay na nilikha nito’y nakapangingilabot, pati si Sogolon ay nagulantang at napalundag. Pagkatapos ay nangusap si Balla Fasséké, anak ni Gnankouman Doua, “Naririto na ang dakilang araw, Mari Djata. Ika’y aking kinakausap, Maghan, anak ni Sogolon. Ang kristal ng Niger ay pumapawi ng mantsa ng katawan ngunit hindi kayang lipulin ang pang-uusig. Tumindig ka, batang leon, umatungal, at ihayag sa palumpung na simula ngayon sila ay may panginoon.”

Sumaksi ang mga baguhang panday sa nagaganap, lumabas si Sogolon at pinanood si Mari Djata. Siya’y painod-inod na gumapang at lumapit sa mga baretang bakal. Sa tulong ng kaniyang tuhod at isang kamay siya’y lumuhod, samantalang ang isang kamay ay umaabot ng baretang bakal na walang kaabog-abog na itinindig. Humawak ang dalawang kamay sa mga bakal habang nakaluhod. Isang nakamamatay na katahimikan ang sumakbibi sa lahat.

Mariing pumikit si Sogolon Djata, kinuyom ang mga kamao’t umigting ang kalamnan. Sa isang marahas na paghila, iwinasiwas ni Djata ang katawan at umangat ang kaniyang tuhod sa lupa. Pinagtuunan ng pansin ni Sogolon ang mga binti ng anak na nangangatal na tila kinukoryente. Pinagpapawisan nang malapot si Djata na umaagos mula sa kaniyang noo. Buong igting niyang itinuwid ang katawan gamit ang mga paa subalit biglang bumaluktot at nagbagong anyo ang bakal na hawak, ito’y naging pana!

Biglang umawit si Balla Fasséké ng “Himno ng Pana” sa madamdaming tinig:

“Kunin mo ang iyong pana,
At tayo ay humayo.
Kunin mo ang iyong pana,
Butihing gerero.”

Nang makita ni Sogolon ang anak na nakatayo, siya’y saglit na naumid, pagkatapos ay kara-karakang humimig ng papuri sa Diyos na naghimala sa anak:

“Anong rikit ng umaga?
Araw ng labis na saya.
Allah, makapangyarihang Allah,
Banal na manlilikha,
Yaring anak ay may halaga!”

Ang tinig ni Balla Fasséké ang namalita sa buong palasyo ng nagaganap, ang mga tao’y humahangos na nagtungo sa kanilang kinaroroonan at ang lahat ay namangha sa nasaksihang pagbabago sa anak ni Sogolon. Ang Inang Reyna ay napasugod din at nang makitang nakatayo si Mari Djata siya’y nangatog at pinanghinaan ng tuhod. Matapos mahabol ang hininga, inalis ni Djata ang bakal, ang kaniyang unang hakbang ay dambuhala. Napayukod at itinuro ni Balla Fasséké si Djata, siya’y napasigaw:



Guhit ni Mardee Isabel B. Olivar

“Ang lahat ay tumabi,
Tayo’y gumalaw.
Ang leon ay nabuhay,
Antelope’y magkubli.”

Sa likuran ng Niani ay nakatanim ang munting puno ng baobab, doon namimitas ng dahon ang mga supling ng nayon para sa kanilang ina. Buong lakas na binunot at pinasan ni Djata ang puno. Inilagak niya ito sa harapan ng kanilang kubo, “Inay, naririto ang ilang dahon ng baobab para sa iyo. Simula ngayon, ito’y mananatili sa labas ng ating dampa at ang lahat ng kababaihan ng Niani ay tutungo rito upang mangalakal.”

Nakalakad si Mari Djata. Buhat nang araw na yaon, hindi na natahimik ang kalooban ng Inang Reyna. Ngunit sino nga ba ang makasasalungat sa tadhana? Wala, ang taong nasa impluwensya ng kahibanga’y naniniwalang kaya niyang baguhin ang itinakda ng Panginoon. Subalit ito’y binabalangkas niya sa paraang kailanman ay hindi malilirip ng kamalayan ng tao. Samakatuwid, lahat ng hakbang ni Sassouma laban sa anak ni Sogolon ay nawalan ng saysay. Hamakin ang mga nakalipas na panahon at tutulan ang panlilibak sa harap ng madla. Ngayon, ang anak ni Sogolon ay kasing palasak ng dating pang-aalimura sa kaniya. Hindi mabilang ang nagmamahal at nasisindak sa kaniyang angking lakas.

Sa bayan ng Niani, walang ibang pinag-uusapan kundi si Djata; ang mga ina’y hinihikayat ang kanilang mga anak na lalaki na samahan si Djata sa pangangaso o makipaglaro sapagkat nais nilang makinabang ang mga inakay sa tinatamang kabantugan ng anak ng babaing magsasaka. Ang pahayag ni Doua sa araw ng pagngangalan sa anak ni Sogolon ay nanariwa sa kalalakihan. Si Sogolon ay napapalibutan ngayon ng mataas na paggalang; sa mga umpukan madalas na inihahambing ang kayumian ni Sogolon sa kapalalua’t masamang hangarin ni Sassouma Barété sapagkat ang una’y isang huwaring asawa at ina kayat dininig ng Panginoon ang kanyang panalangin, pinananaligang kung higit na lumalalim ang pagmamahal at paggalang sa kabiyak at ang pagsasakripisiyo para sa anak ay magiging magiting at matapang ang kanilang anak pagsapit ng tamang panahon. Ang bawat anak ay anak ng kaniyang ina, hinding-hindi makahihigit ang anak sa kaniyang ina.

Hindi kataka-taka kung bakit si Dankaran Touma ay walang kabuhay-buhay, palibhasa’y ang kaniyang ina ay hindi man lamang nagpamalas nang kahit na katiting na pagpapahalaga sa kaniyang asawa, sa naparam na Haring Maghan Kon Fatta, hindi siya nagpakita ng pagpapakumbaba na isinasabuhay ng bawat asawang babae sa kanilang kaisang-dibdib. Ginunita ng mga tao ang mga tagpo nang siya’y nanibugho, nayamot at nagbitiw ng mga maaanghang na pananalitang ikinalat laban sa mga kapwa niya asawang babae at mga anak nito. Kayat seryosong napagtibay ng mga tao, “Sino ang nakakaalam ng misteryo ng Diyos. Ang ahas ay walang binti’t paa ngunit kasimbilis ng mga hayop na may apat na paa.”

Tabora, Mary Grace C., Sundiata: Ang Epiko ng Sinaunang Mali Sundiata: An Epic of the Old Mali salin sa Ingles ni J.D. Pickett, Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Matapos mong basahin ang ilang bahagi ng akda, sagutin mo muna ang katanungang ito bago mo muling ipagpatuloy ang pagbasa.

Gawain 3: Hikayat Niya, Alamin Mo!

1. Ano-ano ang nag-udyok kay Sundiata upang magpursige siyang makalakad?

Nag-udyok kay Sundiata na makalakad
↓
↓
↓

Naging malinaw ba sa iyo ang mga hamong kinaharap sa buhay ni Sundiata na siyang nagbigay ng lakas ng loob sa kaniya upang ipagpatuloy ang pagtatak sa buhay? Handa ka na bang malaman ang naging buhay niya noong siya’y nakapaglakad na?

Ipagpatuloy mo ang pagbasa sa akda.

Ang Pakikipagsapalaran ni Sundiata

Bata pa lamang si Sundiata ay naging mahusay na siyang mangangaso. Naging matalik niyang kaibigan si Manding Bory, ang anak ng kaniyang ama sa ikatlong asawa. Nang mabigo ang balak na pag-utas kay Djata nina Sassouma at Dankaran, ipinatapon nila ang mag-anak. Ang bayani sampu ng kadugo ay nakahanap ng kanlungan sa kaharian ng Mema.

Habang nagbibinata si Sundiata, ang may maitim na budhing si Soumaoro Kanté, isang manggagaway na hari ng kanugnog na kaharian, ay nang-aagaw at nananakop ng maraming bayan. Gayonpaman, si Sundiata’y nakagawa ng paraan na makarating sa Sosso, ang kabisera ng lungsod ni Soumaoro upang makaharap ang halimaw na pinuno. Maraming digmaan ang pinangunahan at pinagtagumpayan ni Sundiata habang patungo sa Sosso. Siya’y naging popular na lider, maraming kawal ang sumapi sa kaniya.

Humayo si Sundiata at nagtayo ng kampo sa Dayala na nasa lambak ng Niger. Hinarangan niya ang daan ni Soumaoro patungo sa Timog. Sa panahong iyon, patuloy ang labanan sa pagitan ng dalawa bagaman wala ni



Guhit ni Mardee Isabel B. Olivar

isa man ang naghayag ng digmaan. Walang nagtataguyod ng isang digmaan nang hindi inilalahad ang ugat nito. Ang nagtutunggali ay nararapat na isa-isahin ang kanilang karaingan bago ihudyat ang simula ng digmaan. Kaparis ng isang salamangkero na kailangang huwag lusubin ang isang tao nang hindi siya inaanyayahang tanggapin ang tungkulin na gawin ang masamang gawain, dahil dito ang hari'y hindi dapat mandigma nang hindi ibinubuka ang bibig sa sanhi ng pagsasakatuparan nito. Sumulong si Soumaoro hanggang sa Krina, malapit sa nayon ng Dayala na nasa Niger at nagpasyang sabihin ang kaniyang karapatan bago lumusong sa madugong labanan. Batid ni Soumaoro na si Sundiata ay kagaya niyang

salamangkero kaya't sa halip na magpadala ng sugo, ipinasaulo niya ang kaniyang saloobin sa isa sa alagang kuwago. Nang gabing iyon, dumapo ang ibon sa bubong ng kulandong ni Djata at nangusap. Ang ginoo nama'y nagsugo rin ng kuwago kay Soumaoro. Nagsagutan ang dalawang salamangkerong-hari:

“Hinto, binata. Ako ang Hari ng Mali. Kung hinahangad mo ang kapayapaan, bumalik ka sa iyong pinagmulan,” litanya ni Soumaoro.

“Ako'y nagbabalik Soumaoro upang muling yakapin ang aking kaharian. Kung hangad mo ang kapayapaan, ika'y magbayad-pinsala sa aking mga kapanalig at umuwi sa Sosso kung saan ika'y hari.”

“Ako ang Hari ng Mali sa pamamagitan ng puwersa ng aking kamao. Ang aking karapatan ay maluwat nang napatunayan ng aking pananakop.”

“Kung gayon, aagawin ko ang Mali sa iyo gamit ang puwersa ng aking kamao at tutugisin kita hanggang sa iyong kaharian.”

“Samakatuwid, kailangan mong mabatid na ako ang mabangis na nami sa batuan, walang sinomang makapagpapalayas sa akin sa Mali.”

“At kailangan mo ring mabatid, ako'y may katotong pitong panday na dudurog sa batuhan. Pagkatapos, nami, ika'y aking lalamunin.”

“Ako ang makamandag na kabute na nagdudulot ng mabangis na pagbuga.”

“Para sa akin, ako ang mapanagpang na tandang; ang lason ay walang bisa sa akin.”

“Ika’y magtino, munting bata, baka pagliliyabin ko ang iyong mga paa, dahil ako ang pula’t mainit na baga.”

“Datapuwat ako, ako ang ulan na papawi sa baga: Ako ang malakas na agos na tatangay sa iyo.”

“Ako ang makapangyarihang sutlang-puno ng bulak, na matayog sa ibang puno.”

“At ako, ako ang nananakal na baging na gagapang sa tuktok ng higanteng kagubatan.”

“Husto na ang pangangatuwirang ito. Hindi mo mapapasakamay ang Mali.”

“Tandaan, walang silid para sa dalawang hari sa isang reyno Soumaoro; pahintulutan mo akong agawin ang iyong puwesto.”

“Magaling, sapagkat digmaan ang iyong ninasa, ika’y hindi ko uurungan subalit itimo mong siyam na hari ang aking pinugutan ng ulo at inadorno sa aking silid. Tunay na kaawa-awa, ang iyong ulo’y matatabi sa kapwa mo pangahas.”

“Thanda mo ang iyong sarili Soumaoro, ang delubyo’y mananalasa, sasalpok at bubura sa iyo sa lupa.”

Sa ibang banda, ang griot ni Djabatang si Ball Fasséké at Nana Triban, kapatid niyang babae sa ama na nadakip at nakulong sa karsel sa palasyo ni Soumaoro ay nakatakas. Sumali sila sa pakikipagdigma ni Sundiata sa gabi ng mismong labanan sa Krina. Si Fakoli Korona, pamangkin ni Soumaoro ay dumating din sa kampo. Dahil sa dinukot ni Soumaoro ang kabiyak niya, sumumpa siyang maghihiganti. Ipinangako nina Nana Triban at Fakoli ang katapatan kay Sundiata. Inilantad ni Nana Triban ang lihim ni Soumaoro, inilahad niya kung paano matitiyak ni Sundiata na magagapi niya ang kalaban sa pamamagitan ng pagdampi sa balat niya ng tari ng tandang. Pagsapit ng bukang-liwayway bumuo ng plano sina Sundiata at Manding Bory upang mahubaran ng kapangyarihan si Soumaoro.

“Kapatid, naihanda mo na ba ang iyong pana?” tanong ni Manding Bory.

“Oo, iyong masdan,” ang sagot ni Sundiata

Inalis niya ang mahiwagang palaso sa pagkakasabit sa dingding. Ito’y tila hindi bakal, waring kahoy, at ang dulo’y ang matalim na tari ng puting tandang na makatatanggal ng tana ni Soumaoro, isang lihim na nailabas ni Nana Triban sa Sosso.

“Kapatid, sa oras na ito’y pihadong batid na ni Soumaoro na ako’y nakatakas. Pilitin mong makalapit sa kaniya sapagkat asahan mong siya’y iiwas sa iyo,” ang paalala ni Nana Triban.

Ang Pagsalakay ng mga Kabalyero

Nabahala si Djata sa mga binitiwang pahayag ni Nana Triban subalit kinalamay ni Balla Fasséké ang kaniyang kalooban sa pagsasabi sa kaniyang panaginip ay kaniyang malulupig ang mortal na kaaway.

Sa kabilang ibayo'y mahinhing sumikat ang araw at nagsabog ng liwanag sa kapaligiran. Ang pangkat ni Sundiata'y pumuwesto mula sa gilid ng ilog hanggang sa kabilang ibayo, ngunit bulto ang bitbit na hukbo ni Soumaoro kayat ang ibang sofas na naiwan sa Krina ay umakyat sa burol upang panoorin ang digmaan. Dahil sa malaking koronang suot ni Soumaoro, agad siyang nakita't natukoy mula sa kalayuan. Ang kaniyang sandataan ay hindi mahulugang karayom, pinuno ang magkabilang ibayo ng burol.

Hindi ikinalat ni Sundiata ang lahat ng kaniyang kawal. Ang mga namamana ng Wagadou at Djallonkés ay pumuwesto sa hulihan at handang magpaulan ng palaso sa bahaging kaliwa ng burol kapag tumagal ang digmaan. Sina Fakoli Korona at Kamandjan ay kahilera ni Sundiata at nangunguna sa bungad sampu ng kaniyang kabalyeriya.

Sa kaniyang makapangyarihang tinig, sumigaw si Sundiata "Ang gwewa!" Ang kautusan ay umalingawngaw sa bawat tribo at nagsimulang sumulong ang bataliyon. Si Soumaoro'y nakatindig sa gawing kanan kasama ang kaniyang kabalyeriya.

Mabilis na sumalakay sina Sundiata ngunit sila'y napigilan ng mga kabalyero ng Diaghan at ang pagsasagupaan ay nagsimula nang kumalat. Si Tabon Wana at ang mga mamamana ng Wagadou ay sumulong sa direksiyon ng burol at matuling lumaganap ang digmaan habang ang araw ay hindi natitinag sa pamamayagpag sa himpapawid. Ang mga kabayo ng Mema ay



lubhang maliksi at tumakbong nakataas ang unahang paa na sumikwat sa mga kabalyero ng Diaghan. Nagpagulonggulong, at tinapakan ng mga kabayo. Nagbigay ng puwang ang pagbagsak at pag-atras ng mga kalalakihan ng Diaghan. Ang pusod ng kalaban ay nabuwag.

Sa puntong iyon, biglang kinabig ni Manding Bory si Sundiata at ibinalitang si Soumaoro'y palusob kasama ang mga itinagong kawal kay Fakoli at sa mga panday nito upang lantarang parusahan ang nagtaksil na pamangkin. Pagkat nalipol ang malaking bilang ng mga sofas ni Soumaoro, ang mga kasamahan ni Fakoli ay unti-unting nagkawatak-watak. Ang digmaa'y hindi pa naipapanalo.

Nagliliyab ang mga mata ni Sundiata sa poot. Tinipon niya ang kabalyeriya sa kaliwang dako ng burol kung saan magiting na iniinda ni Fakoli ang panlulupig ng tiyo. Kaalinsabay nito, ang lahat ng maraanan ni Sundiata'y namamalita na nagagalak si Kamatayan at ang kaniyang panandaliang pagtigil ay nagpapanumbalik ng pagtitiwala ng kaniyang kawal bagaman hindi nauubos ang mga sofas ni Soumaoro. Hinanap ni Djata ang salamangkerong-hari. Nasulyapan niya ito sa gitna ng labanan. Sinunggaban ni Sundiata ang bawat Sossong sofas, kaliwa't kanan ang ginawang pagbalya, nagkakandahirap na tumatabi ang mga ito kung kayat madali siyang nakalapit kay Soumaoro. Nang mapansin ng huli ang ikinikilos ni Djata, siya'y dahan-dahang bumuwelta subalit siya'y nasundan ng tingin ng matapang na bayani.

Huminto si Sundiata at hinutok ang kaniyang pana. Lumipad ang palaso at dumaplis sa balikat ni Soumaoro. Nang tumama ang tari ng tandang, naramdaman niyang ito'y hindi lamang munting gasgas kayat kagyat naglaho ang kaniyang kapangyarihan. Nagtagpo ang mata nila ni Sundiata. Siya'y nangatal na tila dinapuan ng matinding lagnat, napatingala ang nauupos na si Soumaoro sa langit. Isang malaking ibon ang paikot-ikot na lumilipad at kaniyang napagtanto. Ito ay ang ibon ng kasawian.

“Ang ibon ng Krina,” ang kaniyang naungol.

Ang Hari ng Sosso'y sumigaw nang ubod lakas. Napalingon ang kaniyang kabayo at siya'y tumalilis. Nakita ng mga Sosso ang kanilang hari, siya'y kanilang pinarisan, lumiko ang mga Sossong sofas at mabilis ding tumakas. Ang kamatayan ay mamamasdan sa paligid, nagkalat ang mga duguan at naghihingalo. Sino ang makapagsasabi kung ilang Sosso ang nasawi sa Krina? Ang pagtakas ay naisakatuparan at hinabol ni Sundiata si Soumaoro.

Hindi nagtagumpay sina Sundiata't Fakoli na tugisin si Soumaoro datapuwat napasakamay nila si Sosso Balla, ang anak ng haring umalpas patungo sa yungib at naglahong parang bula. Pumunta si Sundiata sa kalapit na nayon, Koulikoro, dito niya hinintay ang kanilang hukbo.

Ang panalo sa Krina'y nakasisilaw. Ang mga Sossong sofas ay umuwi't nagtago, ang Imperyong Sosso ay natalo. Lahat ng mga hari sa kapuluan ay nagpasailalim sa kapangyarihan ni Sundiata. Ang Hari ng Guidimakhan ay nagpadala ng mamamahaling muwebles kay Sundiata at ipinagkasundo ang kaniyang anak na babae sa nagwaging binata. Natipon ang mga sugo sa Koulikoro subalit nang nakumpleto ang hukbo ni Sundiata sila'y nagmartsa sa direksiyon ng Sosso na lungsod ni Soumaoro. Itong Sosso ay lungsod ng mga dalubhasang panday sa paghawak ng sibat.

Sa pagkawala nina Soumaoro at Sosso Balla, si Noumounkeba, ang puno ng tribo ang tumayong lider upang depensahan ang lungsod. Daglian niyang tinipon ang lahat maging ang mga kalapit na kabukiran upang makapaghanda.


Ang Sosso ay maringal na lungsod. Ang makaikatlong tulis ng tore nito'y halos umabot sa langit. Ang lungsod ay binubuo ng walungpu't walong muog at ang palasyo ni Soumaoro'y maaaninag sa itaas ng lungsod tulad ng isang malaking tore. Ang Sosso ay mayroon lamang isang pasukan;

gahiganteng gawa sa bakal na ginawa ng mga anak ng apoy. Umasa si Noumounkeba na magapi si Sundiata sa labas ng Sosso sapagkat ang kanilang pagkain ay husto lamang para sa isang taon.

Papalubog na ang araw nang marating nina Sundiata ang Sosso. Sa tuktok ng burol, minalas nina Sundiata at ng kaniyang heneral ang kinatatakutang lungsod ng mapandigmang hari. Ang hukbo niya'y nagkampo sa kapatagan na kabilang ibayo ng malaking tarangkahan ng Sosso. Napagpasiyahan ni Sundiata na sakupin ang bayan sa loob nang maghapon. Binusog niya nang labis ang mga sofas na katoto habang walang humpay ang pagtambol ng mga tam-tam upang ipaalala't pukawin ang pagtatagumpay sa Krina.

Sa pamimitik ng araw, ang tore'y nagkulay itim sa pagkakahanay ng mga sofas. Ang iba ay nakaposisyon sa mga muog, sila ang mga mamamana, ang mga Mandingo na bihasa sa sining ng pagkubkob ng bayan. Sa harap ni Sundiata nakapuwesto naman ang mga sofas ng Mali. Samantalang ang mga may bitbit ng hagdan ay nasa ikalawang linya na nakakubli sa mga kalasag ng mga maninibat. Ang pinakapunong katawan ng hukbo ang siyang aatake sa pasukan ng lungsod. Nang handa na ang lahat, inihudyat ni Sundiata ang paglusob. Ang mga tambol at tambuli'y sabay-sabay na pinatunog, katulad ng kati unti-unting umusad ang mga Mandingong nasa harapan na ginigiya ng mga makapangyarihang sigaw. Nakatakip ang mga kalasag sa ulo, marahan silang sumulong sa paanan ng pader, at nagsimulang maghulog ng malalaking bato ang mga Sosso sa mga kaaway. Gumanti ang mga Wagadou na nasa dulong hanay, sila'y nagbuhos ng sunod-sunod na palaso. Si Sundiata ay may itinatagong kawal na pinakamagaling, sila ang mga mamamana ng Hari ng Bobos na kaagad na ipinadala bago pa man naganap ang sa Krina, ang pinakadalubhasa sa pamamaraan. Pinaulanan

ng nagniningas na mga palaso ang kuta ng mga Sosso. Nagliyab ang mga kabayanan. Naitayo ng mga Mandingo ang mga hagdan at umakyat sa tuktok ng pader. Sinaklot ng sindak ang mga Sosso nang makitang nasusunog ang kanilang bayan, sila'y natigilan. Bumagsak ang bakal na pasukan sa palad ng mga panday ni Fakoli sapagkat sila ang maestro nito. Napasok nila ang lungsod, ang hiyawan ng mga bata't kababaihan ay nagbunsod ng pagkalito sa mga Sosso kayat nabuksan ang pasukan, ang pangunahing pangkat ng hukbo ni Sundiata ay tuluyang nakapasok.



Pakikipagsapalaran

Pagkatapos ay nagsimula ang nakahihindik na patayan. Ang kababaihan at kabataan na nasa kalagitnaan ng pagtakas ay nagsumamo. Napadpad sina Sundiata at ang kaniyang kabalyeriya sa harap ng kamanghamanghang palasyo ni Soumaoro. Kahit natitiyak ni Noumounkeba na siya ay



Guhit ni Mardee Isabel B. Olivar

talunan, pangahas na itinaas niya ang espada at akmang uundayan si Sundiata, ngunit siya'y nalansi ng huli, nadakma't malupit na pinihit ang kaniyang bisig, marahas na inginudngod sa sahig hanggang mailaglag niya ang espada. Hindi pinatay ni Sundiata si Noumounkeba bagkus ay inilagak sa kamay ni Manding Bory.

Sa wakas, nasa pagpapala na ni Djata ang reyno ni Soumaoro. Habang saanmang dako ng Sosso'y mauulinig ang pagbabangayan ng magkakanayon. Pinangunahan ni Balla Fasséké kasunod ni Sundiata ang pagpasok sa tore ni Soumaoro. Alam ng griot ang pasikot-sikot at kasulok-sulukan ng palasyo mula sa kaniyang alaala nang siya'y mabihag, itinuro niya kay Djata ang maharlikang silid-tulugan. Nang buksan ni Balla Fasséké ang pinto ng silid, natuklasan nilang naiba ang anyo nito buhat nang matamaan ng mortal na palaso ang nagmamay-ari ng silid na nawalan ng kapangyarihan. Ang ahas sa babasaging pitsel ay naghihingalo, ang mga kuwagong nasa dapuan ay kalunos-lunos na pumapagaspas padausdos sa sahig. Lahat ay nag-aagaw-buhay sa adob ng salamangkero, lahat ng nakakabit sa kapangyarihan ni Soumaoro. Sinamsam ni Sundiata ang mga anting-anting ni Soumaoro at marahas na tinipon ang lahat ng asawa't mga prinsesa ng kaharian. Itinali ang mga bilanggo't sama-samang pinastol. At ayon sa kagustuhan ni Sundiata, napasakaniya ang Sosso nang araw na iyon. Nang makalabas ang lahat, inatas ni Djata ang ganap na paggunaw sa Sosso. Sinunog ang mga kabahayan, walang itinira at ginamit ang mga preso sa pagtibag ng mga pader. Samakatuwid, ang balak ni Sundiatang wasakin ang pundasyon ng Sosso ay maningning na naisagawa.


Tama, ang Sosso ay naging alikabok at humalo sa lupa, ang matayog na lungsod ni Soumaoro na dating niyuyukuran ng mga hari. Ito ay naging nangungulilang parang, ang Sosso ay tahanan ngayon ng mga naliligaw na hayop.

Gumulong ang panahon, patuloy ang pagbagtas ng buwan sa kalangitan. Sa kasalukuyan, ang Sosso ay isa na lamang balintataw sa panaginip ng mga griot. Ang mga hayna ay nananaghoy sa pook sa kailaliman ng gabi, ang mga usa't liyebre naman ay naging silong ito sa paghahanap ng pagkain, nasaan na ang haring nakadamit ng roba na gawa sa balat ng tao?

Tanging si Sundiata, anak ng magsasaka, ang naghandog ng kapanglawan sa pook. Matapos lamunin ng lupa ang lungsod ni Soumaoro, ang mundo’y walang ibang kinilalang panginoon kundi si... Sundiata.

Tabora, Mary Grace C., Sundiata: Ang Epiko ng Sinaunang Mali Sundiata: An Epic of the Old Mali salin sa Ingles ni J.D. Pickett, Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Ngayong nabasa mo na ang kabuoan ng kuwento, maaari mo nang sagutin ang mga gawain upang sukatin ang iyong pag-unawa sa akda.



Pagyamanin


Ngayon, handa ka nang sagutin ang mga pagsasanay na susukat sa iyong pag-unawa sa akdang binasa. Tara na’t simulan na natin!

Gawain A: Pagpapayaman ng Talasalitaan

Panuto: Ihanay ang mga salitang nasa loob ng kahon na hango sa akdang binasa, batay sa kaugnayan nito sa isa’t isa. Isagawa ito sa sagutang papel.

kawal	mangangaso	mamamana
mananalaysay	panday	manghuhula
salamangkero	anting-anting	mahiwaga
kapangyarihan		

Unang Pangkat Salitang nagpapakita ng Kagitingan	Ikalawang Pangkat Salitang nagpapakita ng Kababalaghan



Isaisip

Sagutin ang katanungang inihanda upang malaman kung naunawaan mo ang iyong binasa.


Panuto: Sagutin ang tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano-anong suliranin ang kinaharap ni Sundiata sa kaniyang buhay? Maglahad ng kahanga-hangang katangian na ipinakita niya sa pagharap sa mga suliranin sa buhay.

Suliranin	Kahanga-hangang Katangian

2. Sa iyong palagay, bakit kinakailangang pag-isipan at pagplanuhang mabuti ang isang hakbang na gagawin upang magtagumpay sa hinaharap? Kopyahin sa sagutang papel ang *speech balloon* at isulat ang iyong sagot sa loob nito.

SPEECH BALLOON



Guhit ni Mardee Isabel B. Olivar

Gawain C: Pananaw Mo, Ibahagi Mo!

Sa iyong sagutang papel, ibahagi ang iyong pananaw hinggil sa tanong na, “Maituturing mo bang bayani ng kasaysayan ng Africa si Sundiata?” Ipaliwanag kung bakit mo nasabing siya’y bayani ng kasaysayan. Magbigay ng mga dahilan.

“Maituturing mo bang bayani ng kasaysayan ng Africa si Sundiata?”

Gawain D. Sarili Mo, Iugnay Mo!

Panuto: Batay sa binasang akda, magbigay ng suliraning pandaigdig na nabanggit. Pagkatapos, panoorin at pakinggan mo ang balita mula sa link na ito: <https://news.abs-cbn.com/news/07/22/19/isyu-sa-teritoryo-karapatang-pantao-iprinotesta-kasabay-ng-SONA-2019>. Panghuli, ilahad mo ang suliraning kinakaharap ng ating bansa. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Suliraning Pandaigdig	Suliranin ng Pilipinas

Gawain E. Halina’t Manood Tayo!

Panoorin ang teaser o trailer ng Biag ni Lam-Ang sa link na ito sa Youtube <https://www.youtube.com/watch?v=vglzpglMAyM>. Kung mayroon ka nang ideya tungkol sa kuwento nito, suriin mo ito nang kritikal. Paano ipinakita ni Lam-Ang ang kanyang kagitingan? Ibigay ang iyong reaksyon sa napanood o nabasang kuwento.

Biag ni Lam-Ang

Puna:

Reaksiyon:

Lubos akong nasisiyahan sa iyong pagpupursige na matuto. Pinatunayan mong kayang-kaya mo na! Subukin naman natin ang iyong husay sa wika at gramatika.

Aralin 4.2

Wika at Gramatika: Mga Ekspresiyon sa Pagpapahayag ng Layon at Damdamin



Balikan

Sa bahaging ito ng modyul, atin namang tatalakayin ang iba't ibang ekspresiyon sa pagpapahayag ng layon o damdamin na makatutulong sa iyong pakikipagtalastasan. Kung kaya't ihanda mo na ang iyong sarili para sa paglinang ng iyong kasanayan.

Gawain 1: Piliin Mo, Ekspresiyon Mo!

Panuto: Sa epikong Sundiata na iyong pinag-aralan, may mga ginamit na ekspresiyong nagpapahayag ng layon o damdamin ng nagsasalita. Pumili ng sampung (10) ekspresiyon na nagpapahayag ng layon o damdamin na ginamit sa akda. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ekspresiyong Nagpapahayag ng Layon o Damdamin
1.
2.
3.
4.
5.
6.
7.
8.
9.
10.



Tuklasin

Ang susunod na tekstong iyong babasahin at susuriin ay naglalaman din ng mga ekspresiyon sa pagpapahayag ng layon o damdamin na makatutulong sa iyong pakikipagtalastasan.

Panuto: Basahin at unawain ang daloy ng pagtatalo at pagkatapos, sagutin ang kasunod na gawain.

Dakilang Bayani: Rizal o Bonifacio?

ni Maricel T. Nucup


Ang argumentong ito ay naging pangkaraniwan na. Ito'y matagal nang isyu na paulit-ulit nang tinitimbang: sino nga ba ang dakilang bayani ng Pilipinas, si Jose Rizal o Andres Bonifacio? Pareho silang may prinsipyo at hangarin – ang ipaglaban ang karapatan ng mga Pilipino at kamtin ang kalayaan ng Inang-bayan. Kanino ka papanig?

Maka-Bonifacio: Kung ako ay ikaw kaibigan, papanigan ko si Bonifacio sapagkat lumaban siya at nagbuwis ng buhay. Kung babasahin natin ang historikal na tala tungkol sa “Sigaw ng Pugad Lawin,” makikita mo ang kaniyang katapangan at ang kahandaan niyang isakripisyo ang sarili alang-alang sa bayan.

Maka-Rizal: Subalit kaibigan, tila ika'y nagkakamali. Hindi tamang sabihin na tapang lamang ang puhunan sa pagiging bayani. Si Rizal ay gumamit ng tapang at talino. Ito ang naghuhumiyaw sa kaniyang mga hindi mabilang na akdang isinulat.

Kailangan ko pa bang isa-isahin ang kaniyang obra? Kaya, higit na mabuting sang-ayunan mo na ang aking paniniwala.

Maka-Bonifacio: Maghinay-hinay ka, ika'y mapapahamak sa matalim mong pananalita. Si Rizal ay puro salita lamang at kulang sa gawa. Inaanyayahan kitang mataman akong pakinggan. Si Bonifacio ay sumulat din naman ng mga akdang pumukaw sa puso ng sambayanan katulad ng “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa.” Kaya't masasabi kong nagtataglay siya ng talino sa kabila ng kakulangan ng pormal na edukasyon.



Guhit ni Mardee Isabel B. Olivar



Maka-Rizal: Huwag kang masyadong magtiwala, baka ika'y mahulog sa balong malalim. Bagaman si Dr. Jose Rizal ay lumaki sa karangyaan, puspos pa rin ang kaniyang buhay ng mga makabuluhang karanasan. Nasaksihan niya sa iba't ibang panig ng mundo ang bunga ng karahasan kayat ayaw niyang maganap din ito sa sariling bayan at pinili niyang daanin sa mahinahong paraan ang pagharap sa suliranin ng bayan. Ito ang itaga mo sa bato, kalianman ay hindi matatawaran ang kanyang kadakilaan.

Ipinunto ng isang panig ang kabutihan ng isang mapayapang rebolusyon, samantalang binigyang-diin ng kabila ang kahalagahan ng isang rebolusyong ginagamitan ng pwersa; isinaalang-alang naman ng parehong panig ang uring panlipunan (pagiging maralita o may-kaya) bilang mahalagang salik sa paghubog ng pagkatao ng isang bayani. Kayo na ang humusga kung sino ang tunay na bayani sa isip, sa salita, at gawa: Si Rizal ba o si Bonifacio?

Nucup, Maricel T., Dakilang Bayani: Rizal o Bonifacio, Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Sa pag-aaral ng kaalamang nakapaloob sa Modyul na ito, nakatutulong ang paggamit ng ekspresiyon sa pagpapahayag ng iba't ibang damdamin o layon ng pakikipagtalastasan.

Gawain 2: Pagsasanib ng Retorika at Gramatika

Alam mo ba na...

May iba't ibang **ekspresiyon** na maaaring gamitin **sa pagpapahayag ng layon o damdamin?**

Mga Ekspresiyon sa Pagpapahayag ng Layon o Damdamin


1. Ginagamit ang mga salitang nakadiin sa pagpapayo at / o pagmumungkahi.
 - **Kung ako ay ikaw**, mas gugustuhin kong sumama kaysa maiwan.
 - **Ano kaya** kung umuwi ka muna sa inyo.
 - **Mas** makabubuti sa iyo ang magpahinga muna.
 - **Siguro, makabubuting** baguhin mo ang iyong pag-uugali.
 - **Higit na** mabuting makinig ka sa mga magulang mo.
 - **Inaakala kong mas** makabubuting pag-isipan mo muna ang lahat bago mo gawin.
2. Ang mga sumusunod na salitang nakadiin ay ginagamit naman sa pag-aanyaya / pag-iimbiba o panghihikayat.
 - **Halika**, tingnan mo! Ito'y napakaganda.
 - **Gusto mong sumang-ayon** sa aking paniniwala?

- **Puwede ka bang** dumalo sa pagpupulong bukas?
 - **Inaanyayahan** kitang suriin ang mga bagay-bagay.
3. Ang mga salita/pariralang nakadiin sa kasunod na mga pangungusap ay ginagamit sa pagbababala na maaaring may kasamang pananakot (mahalaga ang intonasyon sa pahayag) at/o pag-aalala (may kasamang inilalarawang sitwasyon).
Babalang may kasamang pananakot
- Huwag kang magkakaila; kung hindi **lagot ka** sa akin!
 - Kung hindi ka tatahimik, **pupulutin ka sa kangkungan!**
Babalang may kasamang pag-aalala
 - Delikado iyan, **mag-ingat ka.**
 - Dahan-dahan lang, kumapit **ka.**
4. Ginagamit ang mga nakadiin na salita sa panunumpa at /o pangangako.
- **Pangako**, magpapakabait na ako.
 - **Sumpa man**, hindi kita niloloko.
 - **Itaga mo sa bato**, totoo ang lahat ng tinuran ko.
 - Hindi kita binibiro, **tamaan man ako ng kidlat.**
5. Ginagamit naman ang mga nakadiin sa sumusunod na pangungusap sa pagsang-ayon at pagsalungat.
- **Tama**, mahusay ang mga estratehiyang ginamit niya.
 - **Ganyan din ang aking palagay**, iyan ang makakatulong sa ating pag-unlad.
 - **Mali** ang iyong paninindigan.
 - **Walang** magandang maidudulot ang paninigarilyo.
 - **Ikinalulungkot ko ngunit**, 'di ka magtatagumpay kung sarili mo lamang ang iyong iniisip.

Ang mga ekspresiyong ginagamit sa pagpapahayag ng layon o damdamin ay maaaring pangkatin sa sumusunod:

Salita/Parirala	Matatalinhagang Pananalita	Pang-ugnay	Patanong/Tanong
kung ako ay ikaw pangako sumpa man lagot ka ganyan ang aking palagay inaanyayahan mag-ingat kayo	itaga mo sa bato tamaan man ako ng kidlat pupulutin ka sa kangkungan	mas wala mali tama siguro higit/na ngunit	Ano kaya? Puwede ka ba?

Matapos mong pag-aralan ang iba't ibang ekspresiyon sa pagpapahayag ng layon o damdamin, sagutin mo ang mga gawaing inihanda sa iyo upang mataya ang iyong natutuhan sa aralin na ito.



Isagawa

Naniniwala ako na marami nang impormasyon ang iyong nabatid at natutuhan sa modyul na ito. Kung gayon, handa ka nang sagutan ang mga gawain sa ibaba.

Pagsasanay 1: Ekspresiyon, Ipahayag Mo!

Panuto: Salungguhitan ang mga pahayag na nagpapakita ng ekspresiyon sa pangungusap at saka tukuyin kung ang ekspresiyong ginamit ay (**Pag-aanyaya o Pag-iimbata, Pagbibigay-babala, Panunumpa o Pangangako, Pagpapayo o Pagmumungkahi, Pagsang-ayon o Pagsalungat.**) Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Kung ako ay ikaw kaibigan, papanigan ko si Bonifacio sapagkat lumaban siya at nagbuwis ng buhay.
- _____ 2. Subalit kaibigan, tila ika'y nagkakamali.
- _____ 3. Hindi tamang sabihin na tapang lamang ang puhunan sa pagiging bayani.
- _____ 4. Maghinay-hinay ka, ika'y mapapahamak sa matalim mong pananalita.
- _____ 5. Inaanyayahan kitang mataman akong pakinggan.
- _____ 6. Mas karapat-dapat tanghaling bayani si Bonifacio dahil sa maalab siyang napanday ng karalitaan.
- _____ 7. Huwag kang masyadong magtiwala, baka ika'y mahulog sa balong malalim.
- _____ 8. Ito ang itaga mo sa bato, kalianman hindi siya mapapalitan bilang dakilang bayani.
- _____ 9. Pag-isipan mong mabuti, huwag kang padalos-dalos.
- _____ 10. Pangako, di na ako gagawa ng ikapapahamak ko.

Pagsasanay 2: Ekspresiyon Mo, Buoin Mo!

Sa sagutang papel, bumuo ng pangungusap gamit ang iba't ibang ekspresiyong nagpapahayag ng layon o damdaming hinihingi.

1. Layon: Panunumpa


2. Layon: Panghikayat

3. Layon: Pagsang-ayon

4. Layon: Pagbibigay-babala /Pag-aalala

5. Layon: Pagpapayo

Pagsasanay 3: Ibahagi mo sa iyong kaklase ang damdaming nangingibabaw sa tekstong binasa, “Dakilang Bayani: Rizal o Bonifacio” Gumamit ng iba’t ibang ekspresiyon sa pagpapahayag ng iyong damdamin. Gawin at sagutin ito sa sagutang papel.



Pagsasanay 4. Sa iyong sagutang papel, bumuo ng talumpating nanghihikayat batay sa ibinigay na proposisyon sa ibaba.

Proposisyon: Kung nais mong magkaroon ng pagbabago, sino ang karapat-dapat na iluklok na pangulo? Si Gilgamesh o si Sundiata?

Karapat-dapat si Gilgamesh sapagkat...

Karapat-dapat si Sundiata dahil sa...

Narito ang pamantayan kung paano tatayahin ang pagtatalo.

Pamantayan	Napaka- husay 5	Mahusay 4	Di- gaanong mahusay 3	Hindi Mahusay 2	Kailanan ng paunlarin pa 1
Mahusay na Paglalahad ng Kaisipan					
Tamang Pangangatuwiran at Pagtuligsa					
Masining na Pagpapahayag o Pagsasalita					
Kabuoan					

Lubos akong nagagalak sa iyong ipinakitang pagpupursige. Patunay lamang na ika'y nagnanais na matuto. Bago ka dumako sa pangwakas na gawain sagutin mo muna ang huling pagtataya.



Tayahin

Mahusay! Binabati kita dahil nakaabot ka sa bahaging ito. Tiyak na marami kang natutuhan sa iba't ibang aralin sa Modyul na ito. Ngayon, ating tatayahin ang iyong kaalaman sa nakaraang aralin.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang katanungan. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.


- _____ 1. Alin sa mga pahayag ang naglalahad ng damdaming nagbababala?
 - A. Tara, punta tayo roon.
 - B. Hindi kita iiwan, pangako iyan.
 - C. Huwag kang basta-basta magtiwala, ikaw rin.
 - D. Makabubuting ipagpaliban mo muna ang iyong pag-alis.

- _____ 2. Ang manghuhula na nagsabing magiging makapangyarihang pinuno ang anak na lalaki nina Haring Maghan Kon Fatta at Sogolon Kadjou.
 - A. Mahiwagang
 - B. Mangangaso
 - C. Salamangkero
 - D. Balla Fasseke

- _____ 3. Ang hinirang na tagapagmana ng trono ni Maghan Kon Fatta.
 - A. Sogolon
 - B. Sassouma
 - C. Dankaran Touma
 - D. Sundiata

- ___ 4. Ang himalang nangyari sa buhay ni Mari Djata nang siya’y dinala kay Balla Fasseke.
- A. naging mahusay na mandirigma C. nakapaglakad na siya
 B. naging maganda ang pamumuhay D. hinirang siyang hari ng Mali
- ___ 5. Ang pinakamahusay na panday na gumawa ng tungkod na bakal ni Mari Djata.
- A. Balla Fasseke C. Gnankouman Doua
 B. ogolon Djamarou D. Farakourou
- ___ 6. Mula nang ipanganak si Sundiata, taglay na niya ang kanyang kapansanan na ____.
- A. pagkabulag B. di-makapagsalita C. pagkalumpo D. pagkabingi
- ___ 7. Siya ang anak ni Haring Maghan Kon Fatta sa kanyang ikalawang asawa.
- A. Dankaran Touma B. Sundiata C. Sogolon D. Balla Fasseke
- ___ 8. Maghinay-hinay ka, ika’y mapapahamak sa matalim mong pananalita. Anong ekspresiyon ang ginamit sa pangungusap na ito?
- A. Pag-aanyaya B. Pagpapayo C. Pagbibigay-babala D. Pagsang-ayon
- ___ 9. Tukuyin kung anong ekspresiyon ang ginamit sa pahayag na, “Inaakala kong mas makabubuting pag-isipan mo muna ang lahat bago mo gawin.”
- A. Pag-aanyaya B. Pagpapayo C. Pagbibigay-babala D. Pagsang-ayon
- ___ 10. Itaga mo sa bato, totoo ang lahat ng tinuran ko. Ang ekspresiyong ginamit sa pangungusap ay ____.
- A. Pag-aanyaya B. Pagpapayo C. Pagbibigay-babala D. Pagsang-ayon

Binabati kita! Naipamalas mo nang mahusay ang mga kaalaman at kasanayan na iyong natutuhan.



Karagdagang Gawain

Huling hirit na ito! Para lalo mo pang mahasa ang iyong kaalaman narito ang karagdagang gawain na dapat mong isagawa. Halina't isulat ang iyong natutuhan.


Pagsasanay 5: Pagnilayan Mo!

Bumuo ng **Reflection Journal** batay sa mga kaalamang natutuhan sa akdang binasa. Dugtungan ang pahayag upang mabuo ang kislap-diwa.

Napagtanto ko na... _____



BINABATI KITA! Matagumpay mong natapos ang araling ito. Maaari mong isabuhay ang iyong mga natutuhan. Sigurado akong handang-handa ka nang maglakbay muli sa ibang panig ng daigdig at galugarin ang mundo ng **Maikling Kuwento mula sa East Africa.**



Susi sa Pagwawasto

Subukin
1. A 2. A 3. A 4. B 5. C 6. B 7. C 8. D
9. A 10. A 11. A 12. B 13. B 14. C 15.

Gawain 1 ➤ Iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral

Suriin / Gawain 2

1. Maging tanyag na mandirigma, maging hari, makakapaglakad at makilala sa Imperyong Mali
2. Mar Djata
3. Ina
4. Ipinatapon, inapi/kinutya, pinagmalupitan, pinagtawanan
5. Ipinatapon, inapi, pinagmalupitan, pinagtawanan, hinusgahan

Gawain matapos ang ikalawang pagbasa

1. Pagmamalupit ng kaniyang pamilya
2. Pangungutya ng mga tao
3. Pagpapahitap sa kaniyang pamilya
4. Mapatunayang siya'y may silbi
5. Upang mapatunayang hindi siya pabigat

Isaisip - Gawain A. Talasalitaan

Unang Pangkat: kawal, panday, mangangaso, mamamana, mananalaysay
Ikalawang Pangkat: Salamangkero, manghuhula, kapangyarihan, mahiwaga, anting-anting

3. Kinakailangang pagplannuhang mabuti ang mga hakbang na gagawin sa buhay upang sa gamon ay di mabigo sa mga hangarin. Kung padalos-dalos ka sa buhay at walang pagpaplannong ginawa maaaring ikay mabigo at di magtagumpay sa mga hangarin.

Gawain B. Saloobin Mo, Ilahad Mo

Panlipunan	Pansarili	Pandaigdig
Nagpapakita ito ng pagtatanggol sa sariling lipunan at bayan upang magkaroon ng kapayapaan.	Nagpapakita ng pagtatanggol sa sarili, huwag hayaang ikay apihin ng mga taong nakapaligid sa iyo sa kabila ng kapansananag taglay.	Magkaisa sa lahat ng bagay huwag maging makasarili Ang kapakanan ng buong mundo ang dapat na isaisip.
Saloobin		

<p>Gawain C. Pananaw Mo, Ibahagi Mo</p>	
<p>Pananaw</p>	<p>Dahilan</p>
<p>Narapat na ituring na bayani ng kasaysayan ng Africa si Sundata.</p>	<p>Ipinagtanggol niya ang kanilang bayan sa mga mananakop. Ang kapakanan ng mga nakararami ang kanyang inisip hindi ang pansariling kapaka Hindi siya naghiganti sa mga nang-api sa kanyang pamilya.</p>
<p>Kongklusyon</p>	<p>Karapat-dapat siyang maging bayani dahil sa mga magagandang hangarin niya para sa bayan.</p>

<p>Gawain D. Iugnay mo, Sarihi Mo!</p>	
<p>Suliraning Pandaigdig</p>	<p>1. Paglalaman ng bawat bansa 2. Pangangamkam ng teritoryo 3. Gahaman na pinuno</p>
<p>Suliranin ng Pilipinas</p>	<p>1. Mga nangungurakot sa kaban ng bayan 2. Ang mga mahihirap na patuloy na naghihirap 3. Ang iba't ibang sakit na nararanasan ng halos buong mundo. 4. Kawalan ng suporta sa gobyerno 5. Hindi pagkakakawanawaan ng mga namumuno sa bansa</p>

Gawain E. Halina't Manood Tayo!
Ang puntos ay nakabatay sa ibibigay na kasaputan ng mag-aaral.

<p>Isagawa - Pagsasanay 1</p>
<p>1. Pagpapayo 2. Pagsalungat 3. Pagsang-ayon/pagsalungat 4. Pagbibigay babala 5. Pag-aanyaya 6. Pagmumungkahi 7. Pagbibigay babala 8. Pannumpa</p>

Pagsasanay 2
Ang sagot ay nakabatay sa kakayahang ng bata.

<p>Pagsasanay 3</p>	<p>Mag-aaral na nagbibigay payo</p> <p>Kung ako ikaw, iiwasan ko na ang paglalaro ng mobile legend. Ano kaya kung ibaling mo na lang sa iba ang iyong gimagawa mas maganda pa. Kung hindi ka tigtigil sa paglalaro niyan, mababagsak ka sa klase.</p>	<p>Mag-aaral na nalulong sa Mobile Legend</p> <p>Pangako, hindang-hindi na ako maglalaro ng mobile legend. Tama, papasa ako kung mag-aaral ako nang mabuti.</p>
----------------------------	--	--

Isagawa
Ang puntos ay nakabatay sa ipakikitang mga bata.

Tayahin
1. C 2. B 3. D 4. C 5. D 6. C 7. B 8. B 9. B 10. A

Karagdagang Gawain
Ang puntos ay nakabatay sa ipakikitang mga bata.

Sanggunian

Mga Website

<https://www.google.com/search?q=cartoon+picture+ng+batang+lalaki+na+nag-iisip&tbm=isch&ved=2ahUKEwizh5yzpqXoAhV-zIsBHQ6UDYEQ2->

<http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/08/sundiata-ang-epiko-ng-sinaunang-mali.html>

<https://www.scribd.com/presentation/369630269/Mga-Ekspresyon-Sa-Pagpapahayag-Ng-Layon-o-Damdamin>

<https://www.youtube.com/watch?v=E8W0MXOp0LY><https://www.youtube.com/watch?v=E8W0MXOp0LY>

<https://www.youtube.com/watch?v=vglzpglMAyM>

<https://news.abs-cbn.com/news/07/22/19/isyu-sa-teritoryo-karapatang-pantao-iprinotesta-kasabay-ng-sona-2019>

Mga Aklat

Ambat, Vilma C., et. al., *Panitikang Pandaigdig-Modyul 10*, Pasig City: Vibal Group Inc., 2015

Tabora, Mary Grace C., Department of Education. *Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral*. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Nucup, Maricel T., Dakilang Bayani: Rizal o Bonifacio, Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph